Journal of Literature Educators
Association of the Philippines, Inc.
CREATIVE WORK

# Tagpuan

Radney Ranario
National University, Manila

1.

Dito tayo magpanagpo.
Dito kung saan ang mga alon,
Sanlaksang talampakang umuusad patungo
Sa pusod ng dagat;
Kung saan nakahimpil
Ang gunita ng bato at buhangin,
Ang buhangin at bato ng gunita. Ito,
Na tubig-alat ng guniguni.

2.

Managwan ka kung ibig,
Makipagbuno sa agos at huli.
Hulihin ang pintig ng agos
Na sumusukat sa kakayahang managwan.
Wag paiwang nangangatal
Sa ihip ng hangin.
Ibabad ang katawan,
Sanayin sa lamig.

3.

Mandaragat tayong pare-pareho
Sa maligalig na laot.
Sa huli, lulutang-lutang ang mga alaala.
Aanurin ang ilan sa pampang.
Ang iba'y maglilimayon sa buhangin.
Sa piling mga gunita
Na taimtim na sinisid sa lalim
Ng gabi at buntong-hininga,
Mangingislap sa araw,
Lulan ng alon sa tanghaling tapat.

4.

Maaaring dalhin ka ng sariling sagwan
Sa ibang pampang sa ibayong dako
At iwan pansamantala ang tubig.
Maaaring itakwil mo ang init at lamig,
Panawaan ang asin; dumarating palibhasa
Ang mga sandaling matabang ang lahat,
Maligamgam ang damdamin.

DALIN Journal, 1(2), 44-45 www.leapphil.org/dalin-journal
Corresponding Author: roranario@national-u.edu.ph

5.

Aanurin ka saanman umihip ang hangin.
Sa lungsod marahil
Kung saan ang mga baklad,
Tinutusok ang ulap.
Sa dulo, huli ang pagtantong
Ang sala-salabid na lambat,
May mga pinong buhol
Lagpas sa mata.
Maaaring mabulid kang tuluyan,
Palisin ang pakiramdam ng buhangin
Sa talampakan; itatwang taga-dagat ka
At umahon mula sa lusong
Dala-dala ang amoy ng alon.
O maaliw sa bago mong mundo,
Sa perlas na syudad
Na salat sa hiyas.

6.

Maaaring magkamkam ka ng pilak,
Tubuan ng gintong hasang
At magkaliskis ng mamahalin.
Makakaligtaan mo kung gayon
Ang talinghaga, ang maalong lungsod
Kung saan ang dahas ng unos
Ay banayad na hanging aapuhap
Sa basag na gunita.

7.

Dito tayo magpanagpo, kaibigan
Sa tubig-alat ng guniguni.
Ang alaala rito'y may init ng bato at buhangin
Sa tanghali; may lapnos ng kumukulong araw;
May latay ng lamig ng bumabayong bagyo;
At may hagod ng pambihirang kapayapaan
Matapos ang sigwa.